# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

ISSN 2507-8933
TOMO 1, BILANG 4 | 2016



## ANGAT-KALABAW SA MINDANAO

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

TOMO 1, BILANG 4 | 2016

**PATNUGUTAN**

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA G. BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA C. IRANG
**Disenyo/Layout** CHRISSALYN L. MARCELO
**Manunulat** MA. CECILIA C. IRANG, CHRISSALYN L. MARCELO, ANSELMO S. ROQUE, MERVALYN O. TOMAS
**Kasangguni** ANSELMO S. ROQUE
**Tagapayo** ARNEL N. DEL BARRIO


## MGA NILALAMAN


**3** **MINDANAO:** Bangan ng mga pagkain, isla ng mga oportunidad

**6** **LUMALAKING PAG-ASA** sa pagkakalabawan sa Mindanao

**10** **SOUTH COTABATO:** Isang 'milagro' ang ipinakikita ng Sto. Niño Dairy Farmers Association

**12** Anang isang dating OFW **'PAGTATRABAHO SA IBANG BANSA? HUWAG NA LANG, MAS MALAKI ANG KITA SA NEGOSYONG SALIG-SA-GATASANG-KALABAW'**

**15** **LANTAY NA PAG-ASA,** nakikita sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw ng isang pastor

**17** Sabi ni Nanay Ana, 76, ng South Cotabato **'MALAKAS, MASIGLA AKO… SALAMAT SA GATAS NG KALABAW'**

**19** **KAKAIBANG TAPANG KALABAW,** patok sa siyudad ng Davao

**22** **PCC SA MINDANAO,** matatag sa pagsusulong sa Carabao Development Program



Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng paggagatasan sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pcc-oed@mozcom.com **MANILA LIAISON OFFICE** 5th Floor DCIEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Fax: +63 02 926-7707 • +63 02 921-3863 • E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09167528507, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09283556029, pccdmmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238, pccclsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 53 335-2648, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 33 320-2445, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** +63 34 735-0121, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09189194473,pcc-mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09391339815, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872, usm_pcc@yahoo.com





**Sa mahigit dalawang dekada nitong pagsasakatuparan ng kanyang mandatong palaganapin, paramihin, at pangalagaan ang kalabaw bilang instrumento ng pag-unlad sa kanayunan, pinatunayan ng PCC, bilang mapagkakatiwalaang ahensiya ng gobyerno sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, na tunay ngang "angat-kalabaw sa Mindanao". Ito'y dahil sa maraming pakinabang na dulot nito sa "lupang pangako".**



Photo Source: https://www.google.com.ph

# Mindanao:

## Bangan ng mga pagkain, isla ng mga oportunidad

NI ANSELMO S. ROQUE

**Pangalawa sa pinakamalaki sa tatlong isla ng bansa, kilala ang Mindanao sa mga natatanging produktong agrikultural, lalo na ng pagkain, na iniluluwas sa ibang bansa. Bantog din ito sa mga pook turismo at higit sa lahat, "ito'y isla ng mga oportunidad para sa kaunlaran".**

May sukat na 104,630 kilometro kuwadrado, ito'y bulubundukin. Sa sampo nitong bulubundukin, ang pinakakilala ay ang Mount Apo na sa taas na 2,964 metro ay siyang pinakamataas na taluktok sa buong bansa.

Ito ri'y napaliligiran ng apat na karagatan na binubuo ng Sulu Sea sa kanluran, Philippine Sea sa silangan, Celebes Sea sa timog, at ng Mindanao Sea sa hilaga. Dito rin matatagpuan ang Philippine Deep, isang trinsera na may lalim na 10,575 metro (34,696 talampakan) na siyang pangatlo sa pinakamalalim sa balat ng lupa na kasunod ng Mariana Trench at Tonga Trench.

Sa lupaing agrikultural nito, inaani ang iba't ibang produkto – hindi lang palay, mais, mga gulay kung hindi mga prutas at iba pa na sadyang matatawag na "export quality".

Ang pinakamalaking lunsod sa buong Mindanao ay ang Davao City na ngayo'y pamosong-pamoso dahil dito nanungkulang alkalde sa mahabang panahon ang ngayo'y pangulo ng bansa - si Pangulong Rodrigo Duterte. Ang lunsod na


SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

# Mindanao... MULA SA **PAHINA 3**

ito ay nagiging sentro ng mga kumbensiyon, *seminar*, *exhibition*, at iba pang pagtitipon.

Sa lunsod ding ito masaganang inaani ang "hari ng mga prutas" – ang Durian na kung turinga'y "mayroong amoy na tila impiyerno nguni't may lasang makalangit" at ayon sa mga eksperto ay nagtataglay ng mga kabutihang pang-nutrisyon ng katawan.

Mula rin sa Mindanao ang kasalukuyang kalihim ng agrikultura – si Emmanuel Piñol. Siya'y kilala bilang manunulat, broadkaster, at isang agrikultor. Naging gobernador ng Cotabato sa loob ng siyam na taon at bise gobernador ng tatlong taon, napaunlad niya ang Cotabato bunga ng programa sa patubig at "bottom-up planning" na lumundo sa pagtatanim ng *rubber*, *palm trees*, at niyog. Bunga nito, bumaba ang *poverty incidence* ng Cotabato mula 41.6% hanggang sa 25.6% at naiahon ito sa "poverty trap".

Kasunod ng Davao City bilang pinakamataong lunsod sa Mindanao ay ang Zamboanga City, Cagayan de Oro City, at General Santos City.

Nahahati sa anim na rehiyon ang buong Mindanao, gaya ng sumusunod:

**Zamboanga Peninsula (Region 9).**

Dating kilala bilang Western Mindanao at dating isang prubinsiya lamang na kung tawagin ay Zamboanga, ito'y binubuo ng mga lunsod ng Zamboanga, Dapitan, Dipolog, Pagadian at Isabela at ng mga lalawigan ng Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, at Zamboanga Sibugay. Ang sentrong administratibo ng rehiyong ito ay Pagadian City. (Populasyon: 3,629,783).

**Northern Mindanao (Region 10).**

Sakop nito ang mga lunsod ng Cagayan de Oro at Iligan at ang mga lalawigan ng Bukidnon, Camiguin, Lanao del Norte, Misamis Occidental, at Misamis Oriental. Ang sentrong administratibo nito ay Lunsod Cagayan de Oro. (Populasyon: 4,689,302).

Davao Region (Region 11). Kilala noon bilang Southern Mindanao, ito'y binubuo ng Davao Oriental, Davao del Norte, Davao Occidental, Davao del Sur, at Compostela Valley at ng Davao City. Sakop din nito ang Davao Gulf, ang Isla ng Samal at Sarangani Islands. Davao City ang sentrong administratibo nito. (Populasyon: 4,893,318).

**Soccsksargen (Region 12).**

Dating Central Mindanao, ito'y binubuo ng mga lalawigan ng Cotabato, Sarangani, South Cotabato at Sultan Kudarat at ng Lunsod ng Cotabato at Koronadal. Ang pangalan ng rehiyong ito ay mula sa mga pangalan ng prubinsiya at ng mga lunsod sa rehiyon. Ang Koronadal City sa South Cotabato ang sentrong administratibo ng rehiyon samantalang ang General Santos City ang sentrong komersiyal, industriyal at ekonomiya. (Populasyon: 4,545,276).

**Region (Region 13).**

Ito'y binubuo ng lunsod ng Butuan City at mga prubinsiya ng Agusan del Norte, Agusan del Sur, Surigao del Norte, Surigao del Sur at Dinagat Islands. Ang Butuan City ang sentrong administratibo. Sakop din nito ang mga kanugnog na Siargao Island at Bucas Grande Island.

**Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM).**

Isang espesyal na rehiyon na binubuo ng mga teritoryong pinanahanan ng maraming Muslim, sakop nito ang mga lalawigang nasa Sulu Archipelago na Basilan, Sulu at Tawi-Tawi. Ang lunsod ng Cotabato, bagama't hindi bahagi ng ARMM ay siyang sentrong administratibo ng rehiyon. Ang rehiyong ito ay mayroong sariling gobyerno na hindi katulad ng ibang rehiyon ng bansa. (Populasyon: 3,781,783.)

Ang mga bahagi ng timog-kanluran ng grupo ng isla ng Mindanao, lalo na ang prubinsiya ng Maguindanao, Basilan, Lanao del Sur, Sulu, at Tawi-Tawi ay pinananahanan ng malaking bilang ng mga Muslim.

Sa Mindanao din matatagpuan ang pangalawang pinamalaking lawa ng bansa– ang Lake Lanao (34,000 ektarya) na kasunod ng Laguna Lake sa Luson (93,000 ektarya).

Sa Mindanao din, sa Iligan City, matatagpuan ang pinakamataas na talon (*waterfalls*) sa bansa – ang Limunsudan Falls at ang isa pang talon – ang Tinago Falls na "nakatago sa malalalim na bangin". Gayunman, sa lunsod ding ito, na tinaguriang "City of Majestic Waterfalls" dahil sa 20 talon nito, matatagpuan ang Maria Cristina Falls na may "sakdal ganda". May taas na 98 metro, ito'y tinatawag ding "twin waterfalls" dahil ito'y hinahati ng isang malaking bato.

Sa Dapitan City naman ay pinagdarayo ang "Rizal Shrine".

Itinuturing na "food basket" ng Pilipinas ang Mindanao. Tinatayang mahigit sa 500,000 ektarya nito ay inilaan para pagtamnan ng mga produktong pang-eksport at ginawan ito ng maraming programa para sa higit pang mga kapakinabangan.

Sa talaan ng mga iniluwas na produkto ng Pilipinas sa ibang bansa nang nakaraang mga taon ay kabilang ang coconut oil, sariwang saging, ilasong tuna, matamis, isinadelatang pinya, dessicated coconut, copra oil, meal at copra, sugpo, at kape. Karamihan sa mga ito ay mula sa Mindanao.

May kontribusyong 14 na porsiyento sa gross domestic product (GDP) ng bansa, ang employment rate ng Mindanao ay pinakamataas sa ibang rehiyon sa larangan ng agrikultura na may antas na 48.8 porsiyento.

Ang mga rehiyon ng SOCSKSARGEN, Northern Mindanao, Zamboanga, ARRM, Davao, at Caraga ay kilala sa produksiyon ng palay, barley, mais, pinya, at niyog at gayundin ng kape at rubber.

Dalawang kumpanya na multi-national na nasa Mindanao, ang Dole at Del Monte, ay nagluluwas sa ibang bansa ng 20 porsiyento ng saging, sariwang mga prutas at gayundin ng naka-delatang pinya.

Sa ilalim ng Mindanao Development Authority, binuo ang "Development Framework Plan" na pormularyo ng pagtatagumpay na "peace+energy= prosperity". Sa planong ito, nakasaad ang pag-aanyaya sa pagbisita at paglahok sa mga gawaing agrikultural, paigtingin ang kampanya sa pagtatamo ng kapayapaan sa pakikipagkapit-bisig sa iba't ibang organisayon at itanghal ang malaking oportunidad na pang-eknomiko.



Photo source: https://www.google.com.ph



Sa panig ng Philippine Carabao Center (PCC), patuloy na pinaiigting nito ang pagpapalaganap ng Carabao Development Program sa Mindanao. Ito ay may panrehiyong tanggapan sa Bukidnon, Cotabato, Lanao Del Sur at sa Zamboanga del Norte.

Patuloy na kumakaway ang Mindanao na noon pa ma'y tinagurian nang "Lupang Pangako". K

# LUMALAKING

## pag-asa sa pagkakalabawan sa Mindanao

NI MERVALYN TOMAS

*DISENYO NI JAN CZARINA SALAS*

**Sadyang malaki ang naiaambag ng Mindanao sa agrikultura ng bansa. Ito'y dahil sa mataba ang lupa nito at ang karamihan ng mga taong naninirahan doo'y nakasangkot sa pagsasaka.**

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

### LANDAS SA MATAGUMPAY NA NEGOSYO SA KARNE NG KALABAW



# Lumalaking pag-asa...

MULA SA **PAHINA 7**

Sa pagbubungkal ng lupang tatamnan, ang karaniwang katuwang ng mga magsasaka ay kalabaw.

Bukod dito, pinakikinabangan din ng maraming tao ang kalabaw sa karne nito na tinatawag na carabeef. Mayroon din namang nakikinabang sa gatas na nagmumula sa mga gatasang kalabaw.

Ngunit kaiba ang sitwasyon ng Mindanao kumpara sa iba pang lugar sa Pilipinas kung ang kapakanan ng kalabaw ang pag-uusapan.

"Maraming kaso ng nakawan ng kalabaw dito," ani Dr. Benjamin John Basilio, director ng PCC sa University of Southern Mindanao (PCC@USM).

Pero buong-buo ang paniniwala ng director na aangat din ang industriya ng pagkakalabawan sa maraming lugar sa Mindanao.

"Kailangan naming ipagpatuloy ang mga ginagawa namin upang lalong mapahusay at mapaunlad ang industriya ng pagkakalabawan dito," sabi niya.

Sa isinagawang Value Chain Analysis (VCA) na pinangunahan ni Dr. Flordeliza Lantican, isang Agricultural Economist at Professor sa College of Economics and Management sa University of the Philippines-Los Baños, Laguna, nakita na patok ang carabeef sa Mindanao. Nakita rin sa pag-aaral na sa mga lugar na bulubundukin, tulad ng sa Bukidnon, laganap pa rin ang paggamit ng kalabaw bilang pang-araro sa lupang ginagamit sa mga pagtatanim.

Nakita rin ng mga nagsagawa ng pag-aaral ang malalaking oportunidad kaakibat ng mga hamon sa pagkakalabawan at nagbigay sila ng mungkahi kung paano mapahuhusay pa ang pagkakalabawan sa pakikipagtulungan ng mga *stakeholders* sa isa't isa.

Napansin din nila na sagana ang Mindanao sa dayami, mga pakaing mula sa mga pinag-anihan mais at tubo, at iba pang halaman kaya hindi suliranin ang ipapakain sa mga inaalagaang kalabaw.

Mayroon ding mga maluluwang na lugar na sineserbisyuhan ng PCC sa Central Mindanao University na kung saan maaaring pahusayin ang mga itinatanim na pakain ng kalabaw upang ang mga binhi nito ay maparami at maibigay sa mga magkakalabaw.

**Pagpaparami ng kalabaw**

Ipinapayo ng mga nagsagawa ng pag-aaral sa mga magkakalabaw na gustong paramihin ang kanilang alaga na magsanay sa PCC para sa basic pregnancy diagnosis (PD) at artificial insemination (AI) para sa kalabaw. Kasama na rin sa pagsasanay ang ukol sa kalusugan at ovarian palpation ng mga babaeng kalabaw.

Nagbibigay din ng orientation-seminar ang PCC@CMU tungkol sa Carabao Upgrading Program (CUP) upang malaman at maunawaan ito ng publiko.

Para naman sa mga village-based artificial insemination technician (VBAIT) na kasangga ng mga magsasaka sa pagpaparami ng alaga nilang kalabaw, laging ipinababatid ng PCC na may kapasidad ito na magkaloob ng gantimpala kung malalampasan nila ang itinakdang dami ng matatagumpay na serbisyong AI sa mga alagang kalabaw ng mga magsasaka. Ang gantimpala ay isang insentibo para lalong magsumigasig sila sa kanilang gawain at maparami pa ang mga gatasang kalabaw.

Sa mga magsasakang namomroblema dahil sa mahirap magbuntis ang kanilang kalabaw, ayon sa mga kinauukulan ay maaaring mapataas ang *conception rate* ng kalabaw kung palaging sinusuri ang kalidad ng semilya na ginagamit sa pag-AI. May mga *training module* din sa tamang pangangalaga at pamamahala ng kalabaw ang PCC@CMU ukol sa bagay na ito.

Kung ang problema ay mababa sa target performance ang naibibigay ng mga bulugang hiniram ng mga magsasaka, nakita na ang mga imported na purebred na kalabaw ay nasasanay na sa klima ng Mindanao at ito ay makatutulong upang maging maganda ang performance ng mga ito.

May *training module* din ang PCC sa tamang pag-aasikaso, pamamahala at pag-aalaga ng bulugan upang mas mapabuti ang performance ng mga ito.

Ukol naman sa pag-aalaga ng upgraded na kalabaw para gawing carabeef, isinaad ng mga kinauukulan na lubhang malaki ang pamilihan para dito. Dagdag pa rito, isinasaad na mataas ang presyo ng upgraded kumpara sa native na kalabaw.

Sa pag-aaral, dahil mas marami ang demand para sa upgraded na kalabaw para sa carabeef nito, mataas ang presyo nito lalo na sa Bukidnon.

**Gatas at mga produktong gawa dito**

Ayon sa grupo ni Lantican, maraming bata sa Mindanao ang kulang sa nutrisyon. Malaking bahagi ang maiaambag ng pag-aalaga ng kalabaw dahil ang karne at gatas nito ay mas masustansiya pa sa gatas at karne ng baka.

Makatutulong pa ang mga magsasakang nag-aalaga ng kalabaw dahil may mga programa ang gobyerno na tumutulong sa mga batang nangangailangan ng karagdagang nutrisyon sa pamamagitan ng milk feeding programs.

Nakita sa pag-aaral na malaki ang maiaambag ng local government unit sa industriya ng paggagatasan at pagpoproseso ng gatas para sa iba't ibang produkto. Kabilang sa magagawa ng mga LGU ay pagpapadali sa transportasyon ng gatas at mga produktong gawa dito, transportasyon mismo ng kalabaw at gayundin sa transportasyon ng pakain sa pamamagitan ng pag-aayos ng farm-to-market road.



"Walang dahilan para hindi umarangkada ang industriya ng kalabaw sa Mindanao," ayon sa isinagawang pag-aaral.

"Magsisilbing gabay ang pag-aaral na ito upang malaman natin ang mga pangangailangan ng bawa't lugar lalo na sa Mindanao," sabi ni Dr. Arnel del Barrio, acting executive director ng PCC.

Idinagdag niya na ipagpapatuloy ng mga sentrong-tanggapan ng PCC sa Mindanao ang lalong pagpapaigting sa pagpaparami ng mga crossbred para sa produksyon ng gatas at karne ng kalabaw. Makatutulong din nang malaki, aniya, ang mga hayop na ito sa mga gawain sa bukid lalo na sa mga lugar na hindi gumagamit ng makina.

# SOUTH COTABATO:

## Isang 'milagro' ang ipinakikita ng Sto. Niño Dairy Farmers Association

NI MA. CECILIA IRANG

*MGA LARAWANG KUHA NI CHRISSALYN MARCELO*



**Batay sa kinikita nito, ang bayan ng Sto. Niño sa South Cotabato, Mindanao, ay nasa third class ang klasipikasyon. Ang ibig sabihin, limitado ang kakayanan nitong bumulusok sa pag-unlad.**

Nguni't ang bayang ito'y may katangiang natatangi na nagpapaangat dito kumpara sa ibang bayan sa nasabing lalawigan. Ito'y ang programa ukol sa pagpapataas ng lahi ng mga katutubong kalabaw na nagsisilbing daan para lalong mas maging kapaki-pakinabang ang hayop na ito sa mga magsasaka, partikular sa produksiyon at tuluy-tuloy na pagdaloy ng sariwang gatas nito.

May layong 242 kilometro mula sa Davao City, ang Sto. Niño, sa mahabang panahon, ay nakasandig sa produksiyon ng mais at palay. Sa nakalipas na nakaraang ilang taon, naipakilala ng Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (PCC@USM) na nakabase sa Kabacan, North Cotabato, ang programang carabao development. Buong lugod na tinanggap ng mga magsasaka ang programa at iyon na ang naging daan para maging katangi-tangi ang Sto. Niño.

Bunga ng interes sa programa, itinatag ng mga magsasaka ang Sto. Niño Dairy Farmers Association (SANDAFA) sa barangay Poblacion.


"Ipinakilala namin ang programa ng PCC at hinayaan naming ang mga opisyales at mga magsasaka ang magkusang lumapit sa PCC@USM kung handa na silang tangkilikin ang programa. Sa kanila nanggaling ang effort na sumali sa programa at lubhang maganda naman ang kinalabasan," paglalahad ni PCC@USM center director Benjamin John Basilio.

**Pagsalba sa mga kalabaw**

Ayon kay Jose Ricky Perida, na mas kilala sa tawag na "Ricky", livestock inspector ng Sto. Niño at isa sa mga nag-organisa ng SANDAFA, nababahala siya noon sa dami ng mga crossbred na kalabaw na dinadala sa slaughterhouse para katayin. Bunga nito, lumapit siya sa PCC@USM upang humingi ng payo kung ano ang nararapat na gawin para mabawasan ang mga kinakatay na kalabaw sa kanilang bayan.

"Sinabi sa'kin ni center director Benjie na dapat daw ay mag-organisa kami ng grupo para sa mga nag-aalaga ng mga kalabaw sa lugar namin. Sa tulong ng aking tiyuhin na si Aquino

SUNDAN SA **PAHINA 24**



"Saan ka naman hahanap ng ganito kagandang gawain. Bigyan mo lang ng sapat at tamang pagkain ang mga kalabaw mo, tiyak na sa kinaumagahan ay bibigyan ka naman nila ng pera sa pamamagitan ng maaaning gatas".

**-AQUINO PERIDA**
SANDAFA Chairman



Si Tessa Catherin Perida-Durias ng South Cotabato.

*Anang isang dating OFW*

# ‘Pagtatrabaho sa ibang bansa?

## Huwag na lang, mas malaki ang kita sa negosyong salig-sa-gatasang-kalabaw’

NI MA. CECILIA IRANG

*MGA LARAWANG KUHA NI CHRISSALYN MARCELO*




Ang mga produktong mula sa gatas ng kalabaw na ipinoproseso ni Tessa.

**“Bakit kailangan ko pang magtrabaho sa ibang bansa at magpaalipin sa ibang tao kung dito lang sa bansa natin e pwedeng mabuhay nang maayos kasama ang pamilya at kumita nang hindi lamang sapat kundi may sobra pa?”**

Ito ang buod ng salaysay ni Tessa Catherin Perida-Durias, 32, ng Sto. Niño, South Cotabato nang masumpungan niya ang mga pakinabang na hatid ng gatas ng kalabaw.

Panganay sa apat na magkakapatid, si Tessa ay nakapagtapos ng kursong Bachelor of Science in Agriculture at ngayo’y may dalawa nang anak. Hindi na siya, aniya, naghanap ng trabahong may kaugnayan sa kurso niya sapagka’t ang nasa isip na lamang niya noon ay mangibang-bansa para kumita ng malaki.

Anim na taon niyang binuno ang pagtatrabaho sa Qatar bilang isang *domestic helper*. Taong 2011 ng ipasya niyang umuwi dahil sa labis na pananabik na makita at muling makasama ang kanyang pamilya.

“Sa tuwing nakadarama ako ng kalungkutan, gustung-gusto ko nang umuwi. Pero malayo ang Qatar at magastos din naman kung magpapabalik-balik ako,” naiiyak niyang sambit.

Nguni’t dahil na rin sa hindi kataasan ang suweldong natatanggap niya, noon niya ipinasyang bumalik na sa bansa.

“Ang sakit na nga ng katawan ko sa katatrabaho tapos ang suweldo ko lang sa isang buwan ay Php8,000,” wika niya.

Sa dakong huli, maituturing ni Tessa na “blessing in disguise” ang desisyon niyang umuwi na ng bansa. Sa mismong kanilang lugar, nasumpungan niya ang malaking biyaya ng gatas ng kalabaw, kabilang na ang pagkakakitaan na ang hatid na ganansiya ay higit pa sa suweldo niya sa ibang bansa.



### Pagsisimula

Sa salaysay ni Tessa, nang siya’y umuwi, nakita niya na maraming gatas ng kalabaw na naiuuwi ang kanyang amang si Aquino Perida na *chairman* ng Sto. Niño Dairy Farmers Association na inaasistehan ng Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (PCC@USM).

Napag-alaman niya na kung hindi na magkasya sa *freezer* ng munisipyo ng Sto. Niño ang mga naaaning gatas ng kanilang asosasyon ay binibili ito ng kanyang ama. At sa kanilang bahay, palibhasa’y may kaalaman ang kanyang inang si Evelyn sa paggawa ng *cake*, tinuruan siya at ang kanyang mga kapatid sa gawaing ito na ang pangunahing sangkap nga ay gatas ng kalabaw. Sa kalaunan, gumawa na rin sila ng ibang produkto na naging mabili naman. Ang lahat ng kanilang mga produkto ay made-to-order; ang ilan ay paboritong bilhin ng kanilang mga regular na parukyano.

“Nagpaseminar daw ang PCC@USM sa pangunguna ni *center director* Benjamin John Basilio at *milk processing head* Ludivina Estimo tungkol sa tamang pangangasiwa, paghawak at pagpoproseso ng gatas. Sa seminar na ito, natutunan ni Nanay ang paglikha ng iba’t ibang produktong gamit ang gatas ng kalabaw na kanya namang itinuro sa aming magkakapatid,” sabi ni Tessa.

Aniya, nasa 15 hanggang 20 litro ang gatas ng asosasyon na hindi makaya sa freezer ng kanilang munisipyo sa araw-araw at binibili itong lahat ng kanyang ama. Bukod sa *cake*, natutunan na rin nila ang produktong *pasteurized milk* na naipagbibili sa halagang Php50 kada isang litro, *milk bar* o *ice candy* na limang piso ang isa, *made-to-order* na *chocomoist* (Php150 kada piraso), *brazo de mercedes* (Php150), *dirty ice cream* na nakalagay sa *aluminum container* (Php1,000-Php1,200) at *ice cream* na nasa *cup* (Php15 bawa’t isa).

Sa pag-uwi nga niya sa bansa, lumahok na rin siya sa gawain ng kanyang pamilya.

“Naging kakaiba ang mga *cake* at *pastries* na nagagawa namin dahil nga purong gatas ng kalabaw ang ginagamit naming likido sa halip na tubig. Ang paggawa naman ng ibang produkto ay ibinase namin kung ano ang *trending* at patok sa mamimili,” paliwanag ni Tessa.

Si Tessa ang tagapamahala ngayon ng kanilang negosyo. Punong-abala siya sa pagbebenta, pagbabadyet ng kita, at paghahanap ng mga parukyano.

“Si Nanay kasi ay *elementary grade teacher* kaya hindi na rin niya maharap na tutukan ang negosyo namin at si Tatay naman ay abala naman sa pagiging *chairman* ng kanilang asosasyon at bilang isa ring *village-based artificial insemination technician*,” ani Tessa.

Ipinaliwanag din niya na ang kanyang dalawang kapatid ay may kani-kaniyang trabaho rin at ang pinakabata sa kanila ay nag-aaral naman.

“Kapag umuuwi sila sa bahay, tulung-tulong kami sa trabaho,” dagdag niya. “Kaya lang ay ako talaga ang pangkalahatang tagapamahala sa buong maghapon,” sabi pa niya.

Tapos, aniya, ng kursong *hotel and restaurant management* at *accountancy* ang dalawa niyang kapatid kung kaya’t tinuturuan siya ng mga ito sa tamang pagkukuwenta at pamamahala.

### Kita mula sa mga produkto

Sa ngayon, marami nang regular na mga parukyano ang mga produkto nina Tessa. Limang eskwelahan sa Sto. Niño ang dinadalhan nila sa araw-araw ng hindi bababa sa 100 pirasong *milk bar*. Sa isang linggo, nasa tig 20-kahon naman ng *chocomoist* at *brazo de mercedes* ang nagiging order sa kanila. Hindi rin sila nawawalan ng order ng *dirty ice cream* na nakasilid sa *aluminum container*.

“Gustung-gusto ng mga bata ang *milk bar* dahil sa taglay na linamnam ng gatas ng kalabaw kaya sa mga *canteen* ng eskwelahan mabili ito,” ani Tessa.

Nagkaroon pa ng pagkakataon, aniya, na umorder sa kanila ng 50 pirasong *cakes* na nagkakahalaga ng Php200 bawa’t isa ang *mayor* ng kanilang bayan para sa pagdiriwang ng kaarawan nito.

“Nang dahil sa negosyo sa gatas ng kalabaw, hindi ko na kailangang sumuong pa sa mahirap na trabaho na tulad ng sa ibang bansa. Dito lang sa bahay ay kumikita na ako,” ani Tessa.

Ayon pa sa kanya, sa isang buwan ay nakalilikom siya ng kabuuang kita na Php20,000 sa mga produkto mula sa gatas ng kalabaw. Buong pagmamalaki rin niyang sinabi na sila ang kauna-unahan at nag-iisang pamilya na nagbebenta ng ganitong mga produkto mula sa gatas ng kalabaw sa buong bayan ng Sto. Niño.

“‘Yong dati kong kita sa ibang bansa na Php8,000 ay naging doble pa. Kayang-kaya ko naman palang kitain dito ‘yon na hindi ko na kailangang tiisin ‘yong lungkot at hirap na malayo sa pamilya,” salaysay ni

SUNDAN SA **PAHINA 25**



Si Pastor Peter Branzuela, isang *farmer-cooperator* ng Carabao-based Enterprise Development (CBED) program sa Maramag, Bukidnon.

# LANTAY NA PAG-ASA,

## nakikita sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw ng isang pastor

NI MERVALYN TOMAS

*MGA LARAWANG KUHA NI MA. CECILIA IRANG*

**Isa sa mga sikat na anekdota na madalas marinig sa mga simbahan ang kuwento ng isang pastor at isang kalabaw.**

Ayon sa kuwentong ito, may pista sa isang bayan at nagkaroon ng laro na tinawag na "carabao challenge" kung saan kailangang mapaiyak ng mga manlalaro ang isang kalabaw. Walang ibang nakapagpaiyak sa kalabaw kundi ang isang pastor na ang ginawa lamang ay bulungan ito.

Nang tanungin ang pastor kung ano ang ibinulong niya sa kalabaw, ito ang kanyang sagot: "Sinabi ko kung magkano ang aking kinikita. At hayun, napaluha siya dahil siguro sa napakaliit na kita na kanyang narinig kumpara naman sa naibibigay niyang malaking kita sa kanyang tagapag-alaga."

Sa bayan ng Maramag sa Bukidnon, isang pastor din ang may "pagbulong" sa kalabaw. Sa kanyang "pagbulong" inihahayag niya ang kanyang lantay na pag-asa sa nasisilip niyang malaking biyayang ibibigay ng kanyang inaalagaang mga gatasang hayop.

Ang pastor sa Maramag ay si Peter

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



Si Pastor Peter at ang kanyang asawang si Helen habang masayang nagkukwentuhan sa kural ng kanilang kalabaw.

# LANTAY NA PAG-ASA...

MULA SA **PAHINA 12**

Branzuela, isang farmer-cooperator ng Carabao-based Enterprise Development (CBED) program ng Philippine Carabao Center (PCC).

"Kailangang magsagawa ng kaukulang pagsasakripisyo upang maibigay ang tamang pakikitungo sa hayop na ito at makamtan ang magagandang bagay na maibibigay nito," ani Pastor Branzuela.

Isang taon pa lang na nag-aalaga ng kalabaw si Branzuela at matibay ang kanyang pananalig at pag-asa na kikita siya sa mga kalabaw na ipinahiram sa kanya ng PCC.

"Naniniwala ako na nagsilbing daluyan ng pagpapala ang PCC at buo ang loob ko na palaguin ang mga naipagkaloob sa akin," sabi ni Branzuela.

Pitong kalabaw ang inaalagaan ni Branzuela sa ngayon, lima dito ay ipinahiram ng PCC.

Aniya, kung minsan ay sadyang nakapanghihina din ng loob kung naghihirap at matagal na walang kinikita sa ginagawang pagpapagod at pagsasakripisyo. Pero naniniwala siya na darating din ang araw na magbubunga ang lahat ng pinaghihirapan niya.

"Alam ko, sa simula lang ang pagpapakahirap kong ito pero darating din ang panahon ng paggagatas at pagdating niyon, may perang maihahatid sa akin sa araw-araw. Bukod pa doon, makatutulong din ito sa kalusugan dahil may sariwang gatas palagi ang pamilya ko," puno ng pag-asang sabi niya.

Nakakita din siya ng oportunidad para makapagbigay ng kabuhayan sa kanyang mga miyembro sa simbahan at iba pa niyang mga kababayan sa pag-aalaga ng gatasang-kalabaw.

"Maaari kaming gumawa ng sabon sa pamamagitan ng gatas ng kalabaw dahil marunong na akong gumawa nito. Marami ring mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw ang puwede pa naming gawin," sambit niya.

**Pagharap sa hamon**

Naging hamon kay Branzuela ang tagtuyot na dumating sa kanilang lugar matapos na maipagkaloob sa kanya ang mga kalabaw.

Ang tagtuyot sa kanilang lugar ay nagmula sa buwan ng Oktubre 2014 at tumagal hanggang Abril 2015. Naging mahirap ang paghanap ng ipakakain sa kanyang mga alagang kalabaw dahil pati ang mga tanim na damong Napier ay nangamatay. Sa kalakhang bahagi ng kanilang lugar ay naging mahirap din ang paghanap ng sariwang mga damo para ipakain sa kanyang inaalagaang kalabaw.

Naghanap na lang si Branzuela ng dayami sa kanilang bayan at sa mga karatig bayan at ito ang ipinakain niya sa kanyang mga alaga. Binibili niya ang dayami noon sa halagang Php1,200 kada isang ten-wheeler na trak.

Natapos ang tagtuyot at nakaraos naman nang maluwalhati ang kanyang mga alagang hayop.

"Kailangan ngang gumawa ng paraan sa mga ganitong pagkakataon. Hindi p'wedeng iasa ang lahat sa PCC dahil malaki na ang naitulong nito na mabigyan kami ng kalabaw bilang puhunan," sabi ni Branzuela.

**Pagbuo ng asosasyon**

Noong Nobyembre 2015, nabuo ang Don Carlos Dairy Association na si Branzuela ay isang miyembro. Ito'y nangyari matapos na magbigay ng oryentasyon ang PCC sa Central Mindanao University na pinamumunuan ni Dr. Lowell Paraguas.

"Pilot project pa lang kami, kaya marami pa kaming kailangang pagdaanan at matutunan," sabi ni Branzuela.

Gayunpaman, itinuturing niya na isang magaan na trabaho ito dahil dumaan na siya sa mas mahihirap pang trabaho sa pagsasaka.

Sa ngayon, marami ang naengganyo sa pagkakalabaw sa pamamagitan ni Branzuela.

"Pabalik-balik ang iba para tingnan 'yong kural ko. Ito ang ginagawa nilang basehan upang mag-alaga din sila ng kalabaw tulad ko," sabi niya.

Ganito din ang gusto niyang mangyari sa kanyang grupo.

"Gusto ko na ang aming asosasyon ay maging halimbawa sa iba pang magsasaka upang makita nila na maaaring mapalago ang buhay sa carabao dairying. Madalas kong sinasabi na talagang may pera sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw dahil sa marami na sa ibang lugar ang nakapagpapatotoo nito," ani Branzuela.

Natitiyak ni Branzuela na hindi tulad ng kalabaw sa "carabao challenge" na natukoy sa unang bahagi ng artikulong ito, na hindi siya iiyak. Hindi rin mapaiiyak ang kalabaw, dahil alam nito na magiging malaki ang kanyang kita.

Manapa, isang matamis na ngiti ang sisilay sa kanya at magpapaliwanag sa kanyang mukha bunga ng ihahatid na ginintuang pag-asa ng kanyang inaalagaang mga gatasang-kalabaw. Ⓚ



Sabi ni Nanay Ana, 76, ng South Cotabato

# 'MALAKAS, MASIGLA AKO... SALAMAT SA GATAS NG KALABAW'

NI MA. CECILIA IRANG

*KUHA NI CHRISSALYN MARCELO*

**Sa gulang na 76, si Ana Fulgar ng Sto. Niño, South Cotabato, ay kayang-kaya pang gampanan ang mga aktibidades sa pag-aalaga ng kanyang tatlong crossbred (mestisa) na kalabaw. At sa pagdalo sa mga sosyal na gawain ng kanyang grupo, hindi siya nahahapo kahit lima pang sunud-sunod na pagsasayaw ang kanyang isinasagawa.**

Kilala bilang si "Nanay Ana" sa kanilang lugar, siya'y isang aktibong miyembro ng Sto. Niño Dairy Farmers Association (SANDAFA) na inaasistehan ng Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (PCC@USM).

Ang kanyang sikreto? Umiinom siya ng kulang isang litrong gatas araw-araw mula sa nakokolekta sa kanyang isang ginagatasang crossbred.

Ayon sa kanya, hindi lamang siya ang umiinom ng gatas ng kalabaw. Maging ang kanyang asawang si Lorito Fulgar, 90, ay na-engganyo na rin niyang uminom nito at pati na ang kanyang mga apo sa tuwing magbabakasyon sa kanila.

"Noong una, ako lang muna 'yong umiinom ng gatas. Pero sa kagustuhan kong makumbinse ang asawa ko, pa-sikreto kong nilalagyan ng gatas ng kalabaw 'yong iniinom niyang kape tuwing umaga," salaysay ni Nanay Ana.

Aniya pa: "Hindi naman naglaon ay nabisto rin niya ako na nilalagyan ko ng gatas ng kalabaw 'yong kape niya. Hayun, nagustuhan na rin naman niya kasi mas malinamnam daw kaysa commercial na gatas."

Itinuturing niya na ang gatas ng kalabaw ang dahilan kung bakit nananatili siyang malakas at masigla. Nakakaya pa niya, aniyang, hilahin ang mga crossbred niyang kalabaw patungo sa kanilang pastulan. Ito ay itinuturing na rin niyang isa niyang ehersisyo.

"Nang magsimula akong uminom ng gatas ng kalabaw, gumaan ang pakiramdam ko at hindi na masyadong sumumpong ang arthritis ko. Kaya itinuluy-tuloy ko na,"

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

# Sabi ni Nanay Ana... MULA SA **PAHINA 12**

paglalahad ni Nanay Ana.

Taong 2013 nang magsimulang uminom ng gatas ng kalabaw si Nanay Ana. Ito ay nang matiyak niyang marami ngang makukuhang gatas sa kalabaw na crossbred.

Pinatotohanan naman ito ni Jose Ricky Perida, kapwa miyembro niya sa SANDAFA at isang village-based artificial insemination technician, na siya ang nagsabi sa mag-asawang Nanay Ana at Lorito na maraming gatas ang ibinibigay ng crossbred na kalabaw. Noon kasi, di pa nila ganap na tanto ang kahalagahan ng  kalabaw na crossbred sa pagbibigay ng maraming gatas.

Si Perida ang siyang tumulong para ang mga native na kalabaw ng mag-asawa ay mabigyan ng artificial insemination para magkaroon ng lahing gatasan.

"Noong naglakbay-aral kami sa PCC@USM, sumama silang mag-asawa. Nagkaroon kami ng kaunting salu-salo doon. May sayawan at kantahan. Silang mag-asawa ay lumahok sa pagsasayaw at kahit nakalimang palit na ng tugtog ay sumasayaw pa rin sila. Tila wala silang kapaguran," natutuwang pahayag ni Ricky.

Sa pag-aaral na isinagawa ng PCC, napatunayang ang gatas ng kalabaw ay may ibayong kabutihan kaysa iba pang uri ng gatas, maliban sa gatas ng tao. Ayon dito, mas mababa ang cholesterol content nito, higit na maraming taglay na mineral at calcium, at mas mayaman sa protina, bitamina, at sa enerhiya. Dahil dito, itinuring na rin itong isang "pinakakumpletong pagkain".

Mainam din itong suplementong pagkain para sa mga lumalaking bata at matatanda, ayon pa rin sa isinagawang pag-aaral.

**Simpleng pamumuhay**

Nagtitinda lamang noon ng isda sa palengke si Nanay Ana. Sa kalaunan, nadagdagan ang kanyang kinikita nang sumuong din sila ng kanyang asawa sa pag-aalaga, pagpaparami at pagbebenta ng kalabaw.

Sa pagdating ng programa ng PCC na ukol sa pag-aangat ng lahi ng kalabaw, hindi nag-atubili ang mag-asawa na lumahok dito hanggang magkaroon na nga sila ng mga crossbred na kalabaw. Ayon sa kanya, nakapagbenta sila noon ng hanggang anim na crossbred na kalabaw. Nasa halagang Php35,000 naman ang benta bawa't isa lalo na kung ito'y buntis.

Hindi naglaon ay napagtapos din nilang mag-asawa sa pag-aaral ang kanilang anim na anak dahil sa pagbebenta ng mga kalabaw at sa pagtitinda ng isda. Ngayon ay ganap nang mga propesyonal ang kanilang mga anak.

Taas-noo naman niyang ipinagmamalaki ang kasalukuyang trabaho ng kanilang mga anak. Ang panganay niya ay isa nang judge sa Saranggani Province, ang pangalawa ay isang guro sa South Cotabato, ang pangatlo ay isang mechanical engineer, ang pang-apat ay associate electronic engineer sa General Santos, ang panlima ay manager sa kumpanyang gumagawa ng pineapple juice, at ang kanyang bunso naman ay isang supervisor sa kumpanya ng isang softdrinks.

Masasabi ngang "mayaman" sa mga anak si Nanay Ana at ang kanyang asawa dahil sa tagumpay na nakamit ng kanilang mga anak.

Pero maidaragdag pa rin na nakatagpo rin sila ng ibang "kayamanan" – ang kanilang magandang kalusugan.

"Nagpapasalamat kami na natutunan namin na sadyang marami ngang gatas na ibinibigay ang crossbred na kalabaw. Bukod sa may naibebenta kaming gatas, may naiinom pa kami araw-araw," sabi ni Nanay Ana.

Ngayon, pati mga apo nila, aniya, ay labis na ring nagugustuhang uminom ng gatas ng kalabaw.

Ayon kay Nanay Ana, nais ng kanyang mga anak na patayuan sila ng malaking bahay. Pero ayaw niya. Sabi niya'y hindi nila iiwan kung ano ang mayroon sila ngayon dahil ang gusto lamang nila ay magkaroon ng simple at komportableng buhay at maliit na bahay na may katabing kulungan ng kalabaw.

Sa kanila namang asosasyon, litaw na litaw ang pangalan ni Nanay Ana at Tatay Lorito.

"Kami ang palaging ginagawang ehemplo sa asosasyon namin. Nakikita kasi nila na kahit may edad na ay aktibo pa rin kami at masigla sa pag-aalaga ng kalabaw. Plano namin ngayon na paramihin pa ang mga crossbred na babaing kalabaw namin para lalo pang dumami ang aming inaaning gatas,"  pagtatapos ni Nanay Ana.





Masayang ipinakikita ni Proferia Valles ng Davao City ang kanyang kalulutong tapang kalabaw.

# Kakaibang tapang kalabaw, patok sa siyudad ng Davao

NI MERVALYN TOMAS

*KUHA NI MA. CECILIA IRANG*

**Sa mga  foodie o mga taong mahilig kumain ng mga natatanging pagkain, ang pritong tapang kalabaw ay nagiging lubhang patok lalo pa nga't ito'y napabalitang paboritong pagkain ng isang Filipino lider na isa sa pinakatanyag sa mundo.**

Sa Lunsod ng Davao, isang karinderya, ang Sana's Carinderia, ay dinarayo ng maraming mahilig sa natatanging pagkain upang matikman din ang paboritong pagkain ng dating fiscal at alkalde ng nasabing lunsod.

Ang dating fiscal at alkalde? Si Rodrigo Duterte na ngayo'y pangulo ng bansa.

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



# KAKAIBANG TAPANG KALABAW...

MULA SA **PAHINA 19**

Maliit lamang ang Sana's Carinderia. Nguni't bigla itong naging tampulan ng pansin sa buong Pilipinas nang manalo si Duterte bilang pangulo nang ito'y malathala sa diyaryo, radyo at telebisyon lalo na sa CNN TV na napanood sa buong daigdig. Dinumog na rin ito ng maraming sikat na mga mediamen at sari-saring lathalain ang naisulat at ibinalita ukol sa nasabing karinderya at ang naiba nitong pagkain.

Sa mga pagbabalita, tinukoy na paboritong pagkain ng Pangulo sa karinderyang ito ang tapang kalabaw.

Ayon sa may-ari ng kainan na si Proferia "Sana" Valles, ibinando ng kanyang karinderya noon na isa sa mga natatangi nitong pagkain ay "fried carabao meat". Matagal-tagal ding ito ang naging tawag sa kanyang inihahandang pagkaing tapang kalabaw.

Nguni't nabago na ang tawag sa pagkaing ito sa karinderya.

May kuwento si Sana kung bakit nabago ang tawag niya sa inihahanda nilang pagkaing ito.

"Dumating minsan si Mayor dito (ito pa rin ang mas gusto niyang itawag sa Presidente) kasama ang kanyang mga bisita. Tinanong ko kung fried carabao meat ang gusto niyang i-serve namin. Tumango siya kasabay ang sabing tawagin na lamang daw na tapa ito. Mula noon, inalis na namin ang pangalang fried carabao meat at simula noon ay tapa na ang itinawag namin sa pagkaing ito," sabi niya.

## Tapang kalabaw

Kaiba sa karaniwang tapa na nakasanayan ng mga Filipino ang itsura at lasa ng tapang kalabaw sa kainang ito.

Ang karne ay pinalalambutan muna ng mga ilang oras sa pinakukulong tubig na may halong asin. Pagkatapos, ito ay hinihiwa nang maninipis at mina-marinate sa suka, lemon juice, asin, paminta, at vetsin sa loob ng isang oras at saka ipiniprito nang lubog sa mantika.

Ang resulta nito ay malutong, malasa, at mala-ginto ang kulay na maninipis na pirasong tapang kalabaw.

Bukod sa karaniwang kinakain itong pang-ulam sa kanin sa loob ng karinderya, minabuti rin ng may-ari ng kainang ito na maghanda na rin ng mga nakapakete nang tapa na mabibili at maiuuwi ng mga parukyano. Ang nakagayak na pakete ay tig-isang kilo na maaaring tumagal ng 2-3 linggo nang hindi napapanis kahit hindi ito inilagay sa refrigerator. Kapag ito naman ay inilagay sa freezer, maaari itong tumagal ng mahigit isang buwan.

Ayon kay Sana, mas mura ang karne ng kalabaw sa kanilang lugar kung kaya't ito ang kanyang napiling ihanda sa kanyang karinderya.

Kanyang binibili ang karne ng kalabaw sa palengke ng Davao. Umaabot sa 30-40 kilo ang nailuluto niya araw-araw.

## Bonggang pagkain sa simpleng kainan

Kapag titingnan sa labas, ang Sana Carinderia ay wala itong ipinagkaiba sa mga karinderya na puntahan ng pangkaraniwang tao.

Wala ring kakaiba sa loob nito, maliban sa isang bahagi na kung saan nakasabit ang mga larawan ng pamosong kliyente nito na kasama ang pamilya ni Sana. Sa larawan ay mapapansin na ang pamosong kliyente nilang ito ay nasa kabataan pa noon.

Nag-umpisa ang Sana's Carinderia na magsilbi sa mga Davaoeños noong 1980s. Lubak-lubak pa at maputik noon ang kalsadang patungo sa karinderya. Noo'y bagong lipat mula sa Jagna, Bohol si Sana at ang kanyang pamilya sa nasabing lugar na malapit lamang sa gusali ng pamahalaang Lunsod ng Davao.

Nadiskubre ito ni Pangulong Duterte noong siya'y isa pa lamang fiscal (prosecutor) dahil malapit lang doon ang opisina niya. Naging magkaibigan ang dating fiscal at si Aling Porferia. Tinawag siya nito na "Sana" na nangangahulugang sa Boholano na "babaeng may-asawa". Ginamit na rin niya ang tawag na ito sa kanyang karinderya.

Ibinida ni Sana na namuhay ang pangulo nang simple at hindi siya nahihiya na kumain sa isang simpleng karinderya na katulad ng kanyang karinderya.

"Siguro dahil masarap naman ang pagkaing iniluluto ko at saka malinis naman ang aking karinderya kaya tinangkilik niya ito," ani Sana.

Tulad ng hayop na pinagmumulan ng paboritong tapang kalabaw ng pamoso niyang kliyente, nananatiling payak ang itsura ng Sana's Carinderia hanggang ngayon. Nguni't simple man, ito'y tinatangkilik ng maraming tao. At, sabihin pa, ito'y namamayagpag sa ngayon sa dahilang ito'y dinarayo ng maraming kumakain doon kabilang na ang mga dayuhan.

"Wala kang makikitang tapang kalabaw na ganito kasarap at kasikat, lalo pa't ito ang paboritong kaininan noon at magpahanggang ngayon kapag siya'y nauuwi at may mga bisita, dili't iba kundi ang ating Pangulong Duterte," tila nagmamalaking sabi ni Sana. K




# PCC SA MIN DANAO,

## matatag sa pagsusulong sa Cara bao Development Program

NI CHRISSALYN L. MARCELO

**Sa buong Mindanao, tatlo ang mga tanggapan ng Philippine Carabao Center (PCC). Ang mga ito'y sa Mindanao Livestock Production Complex na tinatawag na PCC@MLPC; sa Central Mindanao University (PCC@CMU); at sa University of Southern Mindanao (PCC@USM).**

Katulad ng iba pang mga tanggapang panrehiyon ng ahensiya sa Luzon at sa Visayas, ang mga ito'y masidhi ring nagsusulong sa Carabao Development Program (CDP) na siyang lundo ng pagsisikap ng PCC.

Masidhi rin ang mga ito sa pagganap ng kanilang mga tungkulin upang tugunan ang mga mandatong iniatang sa PCC sa bisa ng Republic Act 7307 na mas kilala sa tawag na "Philippine Carabao Act of 1992".

Ang mga gampaning ito'y gaya ng sumusunod:

•pagyamanin, paramihin at palaganapin ang kalabaw bilang mapagkukunan ng lakas-hayop, gatas, karne at katad;

•bigyang kapangyarihan ang mga magsasaka lalo na ang mga benepisyaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), na mapakinabangan ang kalidad ng lahi ng kalabaw sa makatuwirang halaga;

• magsagawa ng paglilipat ng teknolohiya sa pag-aalaga at produksiyon ng kalabaw at sa pagproseso ng kanilang karne at gatas;

•hikayatin ang dairy development sa mga kanayunan;

•magsagawa ng pananaliksik sa pagpapaunlad ng kalabaw, at

•palaguin ang taunang pagpaparami ng populasyon ng kalabaw.

Sa programa sa CDP, nakatutok ang mga pagsisikap sa pagpapataas ng uri at lahi ng kalabaw sa bansa. Nakapailalim sa programang ito ang mga proyekto ng ahensiya na gaya ng artipisyal na pagsesemilya sa kalabaw; pagpapahiram ng bulugan; pagkakatiwala sa mga magsasaka ng gatasang kalabaw para sa kaukulang pagmomodelo sa panggagatasan, at pagpapaunlad at pagpapalaganap ng mga produkto at negosyong nakasalig sa kalabaw.

**Mga hamon sa Mindanao**

Nguni't, kaiba sa ibang mga panrehiyong sentro ng PCC, ang tatlong sentro ng PCC sa Mindanao ay mayroong mga kinahaharap na malalaking suliranin o hamon sa pagpapatupad ng CDP.

SUNDAN SA **PAHINA 26**

# South Cotabato... MULA SA **PAHINA 10**

Perida na isang village-based artificial insemination technician at ng PCC, nabuo

ang organisasyon at naiparehistro ito," sabi ni Ricky.

Ito'y naganap noong 2010. Ang pangunahing naging basehan para sa pagtanggap ng mga miyembro ay ang pagkakaroon nila ng crossbred na kalabaw bilang kanilang build-up capital.

Aniya, sa umpisa ay mahirap makakumbinsi ng mga magiging miyembro ng asosasyon. Pero sa kalaunan, nang makita na nila na may pera sa gatas, ay sila na mismo ang lumalapit sa asosasyon para maging miyembro nito. Sa kasalukuyan ay may 18 aktibong miyembro na ang asosasyon.

"Aktwal na pagtuturo ng paggagatas ang ginawa namin. Kasi, kahit sampung beses mong sabihin na may gatas na makukuha sa crossbred, pero wala namang pruweba, mahirap silang paniwalain," sabi ni Ricky.

Noong una, aniya, ay isang basong gatas lang ang nakukuha nila sa isang crossbred. Pero nang dahil sa tuluy-tuloy na pagtulong at pagsuporta ng PCC@USM sa kanilang asosasyon at pagtuturo ng wastong paggagatas at pangangasiwa sa mga kalabaw, dagdag niya, ay dumami ang gatas na naaani nila.

"Nakakukuha na sila ngayon ng ani na karaniwang tatlo hanggang apat na litrong gatas sa bawa't crossbred sa isang araw," ani Ricky.

Aniya pa, umabot sa 50 litrong gatas ang pinakamataas na nakolekta nila mula sa walong crossbred na ginagatasan sa isang araw. Naipagbibili nila ito sa halagang Php40 kada litro sa kanilang munisipyo na ginagamit naman sa pagproseso sa iba't-ibang inuming gatas tulad ng chocomilk at lacto juice.

**Pag-usad ng asosasyon**

Ani Ricky, para mas lalong mapahusay pa ang operasyon ng kanilang asosasyon, gumawa sila ng panukala para sa bottoms up budgeting (BuB) ng lokal na pamahalaan hinggil sa mga kinakailangan nilang kagamitan. Suportado rin sila ng munisipyo kaya't napagkalooban naman sila ng isang forage hauler (na isang sasakyang Elf), soft ice cream machine, forage chopper at milking machine. Pinagkalooban din sila ng pondo para ipambili ng mga gatasang hayop.

Dagdag niya, ginusto na rin nilang patunayan sa lokal na pamahalaan nila na hindi sila nakadepende lang sa suportang pinansiyal nito. Dahil dito, pinagsisikapan nilang makapagtayo ng milking parlor at maayos na kulungan ng mga kalabaw sa tulong ng lahat ng mga miyembro ng kanilang asosasyon.

Sa kasalukuyan, mayroon nang 25 crossbreds na kalabaw ang SANDAFA. Ito'y napahiraman din ng 14 na Italian buffaloes ng PCC@USM. Walo sa mga Italian buffaloes ang nabuntis sa pamamagitan ng fixed-time AI (FTAI) na isinagawa ng PCC at inaasahang manganganak at magbibigay ng maraming gatas ang mga ito sa 2017.

Ayon kay Mary Joy Paman, carabao-based enterprise development coordinator ng PCC@USM, malaki ang naging kontribusyon ng SANDAFA para matamo ng center ang target nitong 3,000 litro ng gatas sa kanilang office performance commitment and review noong 2015. Aniya, sa bilang na ito, 2,017 (67%) litro ng gatas ang nai-ambag ng SANDAFA.

Sinabi naman ni center director Basilio na nakahanda silang ibigay pa ang nararapat na tulong na makakaya ng kanyang tanggapan para sa lalo pang pag-unlad ng asosasyon. Ang mga ito'y tulad ng pagsasanay para sa mga miyembro, pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan para sa pagsasapamilihan ng kanilang gatas at tulong na teknikal sa mga crossbred na kalabaw na pag-aari ng mga miyembro at mga ipinahiram na purong lahing gatasang kalabaw.

**Dagdag na adhikain**

Ayon naman kay Aquino Perida, kasalukuyang chairman ng SANDAFA na kasama rin ni Ricky na nag-organisa ng asosasyon, binibili niya ang sumosobrang gatas na hindi na nagkakasya sa freezer ng munisipyo.

"Kaysa naman masayang 'yong gatas ay binibili ko na lang para iproseso sa iba't-ibang produktong gatas. Maliban sa inuming gatas, hinahaluan din namin ng gatas ang mga cakes at pastries saka namin ibinebenta. 'Yong isang anak ko ang namamahala sa negosyo namin. Talaga palang may pera sa gatas," nasisiyahang pahayag niya.

(Basahin ang kaugnay na artikulo sa isyung ito ng Karbaw Magasin.)

Binanggit din ni chairman Aquino ang mga adhikain niya para sa mga miyembro at sa kanilang asosasyon. Nais niya na patuloy na umangat ang pamumuhay ng mga miyembro at maisama ang mga ito sa pagbisita sa national headquarters ng PCC na nakabase sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija upang mas lumalim at lumawak pa ang kanilang pang-unawa sa magandang dulot ng gatasang kalabaw.

Ito rin, aniya pa, ang magsisilbing motibasyon sa kanila para mapagtanto ng mga miyembro na may hatid na magandang bukas ang paggagatas.

"Kung hindi siguro ako nakapunta sa PCC main headquarters at hindi ko nasaksihan 'yong kwento noong mga matatagumpay na magsasakang-maggagatas doon, baka siguro hindi ganoon kalawak ang pananaw ko sa mga pakinabang na hatid ng gatasang kalabaw. 'Yon ang gusto kong maunawaan din ng ibang mga miyembro," salaysay ni Chairman.

Aniya, nagagalak naman siya na kahit maliit pa lamang sila na grupo sa paggagatas ay sila na ang nagsisilbing ehemplo sa gawaing ito sa buong South Cotabato. Napansin din niya na marami nang mga magsasaka ang nahihikayat na sumali sa programa ng PCC dahil sa nakikitang benepisyong hatid ng gatasang kalabaw.

"Saan ka naman hahanap ng ganito kagandang gawain. Bigyan mo lang ng sapat at tamang pagkain ang mga kalabaw mo, tiyak na sa kinaumagahan ay bibigyan ka naman nila ng pera sa pamamagitan ng maaaning gatas. Walang limit ang kita mo - basta may gatas araw-araw, may pera ka," ani chairman Aquino.

**Pasasalamat sa PCC**

Batid ni chairman Aquino ang mga tulong at suportang ibinibigay ng PCC@USM para sa lalo pang ikahuhusay ng operasyon ng SANDAFA. Dahil dito, labis-labis ang kanyang pasasalamat sa ahensiya.

Tinatanaw din niyang malaking tulong ang pagpapakilala ni Jeffrey Rabanal, PCC@USM Science Research Specialist II at head ng artificial insemination team, sa kabutihang dulot ng upgrading program para sa pagkakaroon ng higit na mahusay na uri ng gatasang kalabaw. Mas maraming magsasaka ang mabebenepisyuhan nito, aniya.

"Kung may hihigit pang salita sa 'salamat' ay 'yon ang aking bibigkasin dahil sobra-sobra talaga ang naging tulong nila sa'min," sabi ni chairman Aquino.

Kanya pang mariing idinagdag:

"Talagang ramdam namin 'yong malasakit nila sa grupo namin at pati 'yong hangarin nilang ganap kaming magtagumpay. Lagi silang nakaalalay sa'min. Sa tuwing nagkakaproblema kami, talagang hindi nila kami pinababayaan." K

## *Anang isang dating OFW...* MULA SA **PAHINA 13**

Tessa.

**Pakinabang**

Bukod sa malaking kita na hatid ng gatas ng kalabaw, pinakikinabangan din ni Tessa ang taglay na sustansiya nito para mapanatiling maayos ang kalusugan ng kanyang dalawang anak, isang lalaki na apat na taong gulang at babae na isang taong gulang.

"Gatas ng kalabaw talaga ang ipinaiinom ko sa mga anak ko. 'Yon din ang iniinom ko noong panahong nagbubuntis ako. Hindi ako umiinom ng bitamina noon, talagang gatas lang ng kalabaw ang lagi kong iniinom at hindi naman ako nagkasakit. Kahit 'yong mga anak ko, ang sisigla nila," patotoo ni Tessa.

Suportado naman, aniya, siya ng kanyang asawang si Arnold sa kanilang negosyong salig sa kalabaw kahit na wala ito sa piling nila ngayon dahilan sa nagsasanay ito sa Tarlac upang mapabilang sa Philippine Army.

Ani Tessa, hindi mamemenos ang kahalagahan ng gatas ng kalabaw sa pansariling kalusugan. At lalo na rin sa hatid nitong mga biyaya sa pagnenegosyo nito.

"Kailangan lang talaga na alamin ang mga dapat gawin sa pagnenegosyo sa gatas ng kalabaw. Hindi dapat na tumigil sa pagdedebelop ng mga produkto mula rito na maaaring pagkakitaan," sabi ni Tessa.

Sa ngayon ay patuloy silang nagdedebelop ng iba't-ibang organikong *flavor* ng kanilang mga produkto.

"Panghabambuhay nang negosyo ito ng aking pamilya. Hangga't may gatasang kalabaw, hindi magmamaliw ang mga negosyong tulad ng sa amin," ani Tessa.

Tinutulungan din nila, aniya, ang kanilang ama sa paghihikayat ng iba pang mga magsasaka na magkaroon na rin ng gatasang kalabaw at nang makinabang din sila sa programang ito ng PCC.

"Magtrabaho sa ibang bansa? Bakit pa? Mayroon namang malaking pagkakataon dito sa atin lalo pa nga't naririyang dumarami pa ang gatasang kalabaw," pagwawakas ni Tessa. K

# PCC sa Mindanao... MULA SA **PAHINA 23**

Ilan sa mga suliraning ito,  ayon kay Dir. Benjamin John Basilio, center director sa PCC sa USM,ay ang problema sa peace and order, isa na rito ay ang hindi nasasawatang nakawan ng kalabaw.

"Gusto mang paramihin ng mga magsasaka dito sa amin ang mga kalabaw nila ay 'di nila ito magawa", ani Dir. Basilio. "Ang dahilan nga ay yaong mga insidente ng nakawan ng kalabaw na nagpapahina ng loob ng mga magsasaka para paramihin ang kanilang mga kalabaw," dagdag niya.

Idinagdag pa niya:

"Kung minsan nga, mayroong mga magsasaka dito na nakikita niya 'yong kalabaw niya na hinihila ng limang lalake. May baril man siyang dala ay wala siyang magawa dahil nakikita niyang armado rin ang tumatangay ng kanyang kalabaw. Hinahayaan na lamang na makuha ng mga lalake 'yong kalabaw niya kaysa naman mapahamak pa siya."

Ayon naman kay Jeffrey Rabanal, science research specialist at pinuno ng grupong nagsasagawa ng artificial insemination (AI) sa PCC sa USM, kahit alam nilang maraming breedable female animals sa ilang lugar, hindi sila makapunta dahil alam nilang  pugad iyon ng Moro Islamic Liberation Front o kaya naman ay New People's Army (NPA). Hindi, aniya, madaling magpunta sa lugar na may mga grupong ganoon para isagawa ang kanilang gawain.

"Ganoon pa man, hindi naman kami tumitigil sa aming gawain. Patuloy pa rin naming isinusulong ang programa dahil alam namin na kahit paano ay nakatutulong ito sa mga magsasaka," ani Dr. Basilio.

Napag-alaman nila, aniya, na kahit bata pa ay naibebenta na ng mga magsasaka ang kanilang ang mga crossbred na kalabaw. Gayunman, mayroon na rin namang  naitutulong sa mga magsasaka dahil mas mahal nilang naibebenta ang kanilang crossbred na kalabaw kaysa sa native na kalabaw.

"Isinusulong din nga naming talaga ang paggagatasan kahit na mahirap na isagawa. Kaya nga, isa nang malaking bagay na kahit papaano ay may nabubuo kaming kooperatiba ng mga nag-aalaga ng gatasang kalabaw dito," sabi ni Dir. Basilio.

Tinukoy niya na ang Sto. Niño Dairy Farmers Association (SANDAFA) ay matagumpay na nabuo at ngayo'y masiglang natatamo ang mga layunin nito. Ang kooperatiba ay matatagpuan sa Sto. Niño, South Cotabato.

Sa kabilang dako, ang PCC@MLPC at PCC@CMU ay maituturing ding may kahalintulad  na karanasan sa PCC@USM.

Bukod sa rito, natukoy ng mga opisyales at mga tauhan ng mga tanggapang ito  na lubhang mahirap din ang pangungumbinsi sa mga magsasaka sa kanilang nasasakupang lugar na magsagawa ng paggagatas sa kalabaw. Pinakamalaking kadahilanan ukol sa bagay na ito, anila, ay ang kagustuhan nila ng agarang kita sa sa pag-aalaga ng kalabaw.

Sa kabila ng mga hamon sa pagkakalabawan sa Mindanao, ipinakikita ng mga datos ng PCC na kaugnay ng mga proyektong ipinatutupad sa ilalim ng CDP sa Mindanao, lumalabas na mula Enero 2015 hanggang Nobyembre 2016, mayroong naisagawang 29,194 na AI services sa iba't ibang dako; naipahiram na 70   bulugang kalabaw; at 3,509 naipanganak na mga bulo mula sa mga kalabaw na nakapailalim sa proyekto.

Sa produksiyon naman ng gatas, umabot din sa 469,658.75 litro ang inani sa mga gatasang kalabaw sa Mindanao.

Mahirap man, dala ng matitinding problema at hamon, maluwalhating naisusulong ang CDP sa Mindanao, salamat sa pagpupunyagi ng mga opisyales at manggagawa ng PCC sa tatlong sentro nito sa nasabing isla.

**Ipinakikita ng mga datos ng PCC na kaugnay ng mga proyektong ipinatutupad sa ilalim ng CDP sa Mindanao, lumalabas na mula Enero 2015 hanggang Nobyembre 2016, mayroong naisagawang 29,194 na AI services sa iba't ibang dako; naipahiram na 70   bulugang kalabaw; at 3,509 naipanganak na mga bulo mula sa mga kalabaw na nakapailalim sa proyekto.**

**Ang tanggapan at Regional Training Center ng PCC@CMU, na maituturing na isang magandang landmark sa Maramag Bukidnon, ay isa sa tatlong sentro ng PCC sa Mindanao na patuloy na nagpapalaganap ng *carabao development program* sa isa sa tatlong pangunahing isla ng bansa.**



